

Pakikialam ng Pulisya (Intervention by Police)

Ang lahat ng mga reklamo at mga ulat tungkol sa karahasan sa tahanan ay aayusin at iimbistigahan ng Puwersa ng Pulisya ng Hong Kong. Sa ilalim ng mga nakagawian nang kaganapan o mga pangyayari, ang mga paguulat ay maaring sa pamamagitan ng pagtawag sa mga istasyon ng pulisya, o sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng pulisya na 2527 7177, o sa pamamagitan ng direktang paglapit sa sinumang opisyal ng pulisya. Kung sakaling magkaroon ng emergency, ang publiko ay maaring tumawag sa "999" upang humingi ng tulong. Ang mga impormasyon tungkol sa mga biktima at sa mga nagsumbong ay pananatihing kumpidensiyal.



Ayon sa Ordinansa tungkol sa mga Krimen (Crime Ordinance)(Cap.200) at sa Ordinansa tungkol sa mga Opensa Laban sa Tao (Offences Against the Person Ordinance)(Cap.212), sinumang tao na magiging dahilan o nagbabantang maging dahilan ng anumang malubhang pagkakasugat / pagkakapinsala / panganib sa sinumang tao kabilang na ang asawa / kinakasama, ay ituturing na nagkasala ng isang opensa at mananagot sa pamamagitan ng pagkakulong.

Serbisyong Saykolohikal sa Klinika (Clinical Psychological Service)



Ang mga psychologists sa Clinical Psychology Units ng SWD ay nagbibigay ng assessment o pagtatasa, pati ng serbisyong panggagamot sa mga biktima, mga nang-aabuso / nambubugbog / nananakit at/o sa kanilang mga anak na nakitaan ng mga problemang saykolohikal. Referrals mula sa lahat ng yunit ng SWD ay tinatanggap. Batay sa mga pangyayaring bumabalot sa mga indibiduwal na kaso, ang mga psychologists sa klinika ay nagbibigay ng terapi o panggagamot sa isang indibiduwal o para sa isang grupo upang matulungan silang maharap ang problemang-saykolohikal na dulot ng pang-aabuso / pambubugbog / pananakit mg kanilang asawa / kinakasama. Para sa mga kaso ng diborsyo, ang psychologists sa klinika ay maaring magsagawa ng mga pagtatasang saykolohikal at magbigay ng ekspertong opinyon sa hukuman, sa mga isyung kaugnay ng kustodiya, akses at/o mga kasunduang may kinalaman sa pag-aalaga ng mga anak.

Tulong-Pinansiyal (Financial Assistance)

Ang Sistema para sa Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (Comprehensive Social Security Assistance (CSSA) Scheme) ay dinisenyo upang makapagbigay ng tulong-pinansiyal sa mga tao na nangangailangan. Upang maging karapat-dapat, ang isang aplikante

ay dapat na isang residente o naninirahan na sa Hong Kong sa loob ng panahong hindi kukulangin sa pitong taon. Sa mga hindi pangkaraniwang pagkakataon, ang tulong ay maaring ipagkaloob sa diskresyon ng Direktor ng Kapakanang Panglipunan sa isang aplikante ng CSSA na hindi nakatupad sa mga kinakailangan para maituring na isang residente. Ang mga aplikasyon sa CSSA ay maaring gawin sa pamamagitan ng mga pagtuturo o referrals mula sa mga social worker o nang personal, sa mga Social Security Field Units ng SWD.



Muling Pagbibigay ng Tahanan Dahil sa Awa (Compassionate Rehousing)

Ang Muling Pagbibigay ng Tahanan Dahil sa Awa ay isang anyo ng tulong sa pabahay na naglalayong mabigyan ng tulong ang mga indibiduwal at mga pamilya na may tunay at agarang pangangailangang magkaroon ng matitirahan pero hindi nila ito masolusyunan ng kanilang mga sarili lamang. Sa ilalim ng sistemang ito, ang kondisyonal na pagtira ay maari ding irekomenda doon sa mga kasalukuyang nag-aasikaso ng kanilang diborsiyo (kasama na dito ang mga biktima ng pananakit / pambubugbog sa asawa) at may tunay na pangangailangan ng matitirahan habang hinihintay ang desisyon ng korte sa kanilang inihaing diborsiyo. Ang mga taong nangangailangan ng tulong-pabahay ay maaring lumapit sa mga may kaugnayang yunit ng serbisyong panlipunan para sila ay matulungan.



Serbisyong Legal na Tulong (Legal Aid Service)

Ang mga kaso ng mga asawa / kinakasama na biktima ng karahasan / pambubugbog / pananakit na nagnanais na magsampa ng kasong sibil at naaayon sa batas ay maaring magpatala sa Legal Aid Department para sa serbisyong legal na tulong. Ang isang asawa / kinakasama na nabugbog / sinaktan / biktima ng karahasan ay maaring magsampa sa hukuman ng isang utos na dapat ipatupad. Ang isang asawang nabugbog / sinaktan / biktima ng karahasan na nagdesisyong makipagdiborsyo ay maari na ding sabay na simulan ang paglilitis sa kanyang diborsyo. Upang maging karapat-dapat sa tulong na legal, ang mga biktima ay kailangang makapasa sa parehong pagsubok na pamamaraan at merito. Para sa madaliang aplikasyon sa legal na tulong hinggil sa utos na dapat ipatupad, ang LAD ay magsasa-ayos ng panayam sa lalong madaling panahon para gawin ang dalawang pagsubok at kumuha ng mga pahayag.



Serbisyong Suporta MGA KASO NG KARAHASAN / PAMBUBUGBOG / PANANAKIT SA ASAWA / KINAKASAMA Support Services to SPOUSE / COHABITANT BATTERING CASES



Sa Hong Kong, isang serye ng mga serbisyo ang ipinagkakaloob sa mga biktima (maging anuman ang kanilang edad, kasarian, kasariang angkop at lahi, at iba pa) mga nang-aabuso o mga pamilyang may kinakaharap na pananakit sa asawa / kinakasama sa pamamagitan ng Departamento para sa Kapakanang Panglipunan (Social Welfare Department - SWD), mga organisasyon na hindi pag-aari ng gobyerno (non-governmental organisations - NGOs), ang pulis at ang Departamento para sa Legal na Tulong (Legal Aid Department - LAD), at iba pa.

Mga Yunit para sa mga Serbisyong Pampamilya at para sa Proteksyon ng Anak

(Family and Child Protective Services Units - FCPSUs)

Ang mga Yunit para sa mga Serbisyong Pampamilya at para sa Proteksyon ng Anak ng SWD ay mga natatanging yunit na pinamumunuan ng mga social workers na nagbibigay ng iba't ibang serbisyo sa mga biktima, mga nang-aabuso at mga pamilya na may kaso ng pang-aabuso sa bata at pambubugbog sa asawa / kinakasama. Batay sa pangangailangan ng mga kaso, ang mga social workers ay makikinig sa mga problema, mag-iimbistiga ng mga bagay bagay sa lipunan, mamamagitan sa krisis, magpapayo para sa tinatrabahong kaso at magbibigay ng lunas sa grupo, at iba pa. Ituturo sa kanila o bibigyan sila ng referrals

kung saan makakahingi sila ng tulong-pinansiyal, pabahay, legal na tulong, pagpapayong saykolohikal, mga pagsasaayos para sa pag-aaral, at iba pa. Upang maipagtaggol na rin ang kapakanan ng mga bata na naaapektuhan ng mga alitang kaugnay sa kustodiya, kung sino ang mag-aalaga / magbabantay, ang FCPSUs, batay sa iniutos ng Korte, ay maghahanda para sa hukuman ng mga ulat na may kinalaman sa mga imbestigasyon sa lipunan at magbibigay sila sa mga anak ng superbisyong naaayon sa batas alinsunod sa mga utos ng hukuman.




Pinag-isang mga Sentro para sa mga Serbisyong Pampamilya (Integrated Family Service Centres - IFSCs)

Ang Pinag-isang mga Sentro para sa mga Serbisyong Pampamilya, na pinatatakbo ng SWD at mga NGOs na may suportang pinansiyal nagkakaloob ng tuloy tuloy na serbisyo sa mga indibiduwal at mga pamilya sa isang partikular na lugar para matugunan ang kanilang malubhang pangangailangan. Ito ay binubuo ng isang Yunit na Pinagkukunang Yaman ng Pamilya Yunit na Sumusuporta sa Pamilya at Yunit na Nagbibigay Payo sa Pamilya. Kasama sa mga serbisyong ibinigay katulad ng edukasyon para sa buhay-pamilya, sari-saring aktibidades para sa magulang at anak, serbisyong pagtatanong, boluntaryong pagsasanay, nakikinig sa mga problema, grupong tumutulong, pagpapayo at serbisyong nagbibigay ng referral sa mga indibiduwal o pamilya na nangangailangan ng tulong, at iba pa na may karagdagang oras ng serbisyo.

Serbisyong Medikal / Panlipunan (Medical Social Services)

Ang mga kaso ng karahasan sa pamilya ay maaring makatawag ng pansin ng mga manggagawa ng serbisyong medikal / panlipunan, sa mga pampublikong ospital at ilan sa mga klinikang para sa mga out-patient na may natatanging sakit, sa pamamagitan ng mga tauhan ng ospital, ng pulisya o ng iba pang mga organisasyon at sa pamamagitan ng direktang pakikialam ng mga pasyente o ng kanilang mga pamilya. Ang mga medikal social worker ay magkakaloob ng mga pagpapayo, mga tunay at tiyak na serbisyo at magsasaayos ng mga referral para sa serbisyong pangrehabilitasyon at mga kakayanan ng komunidad sa pagtulong at iba pa para matulungan ang mga biktima ng karahasan sa pamilya at ng kanilang miyembro base sa kanilang kapakanan at pangangailangan.



Programang Suporta sa Biktima para sa Biktima ng Karahasan sa Pamilya

(Victim Support Programme for Victims of Family Violence)

Sa pakikipagtulungan ng mga social workers, ang Tsui Lam Centre ng Po Leung Kuk ay may Programang Suporta sa Biktima para sa Biktima ng Karahasan sa Pamilya sa buong teritoryo. Layunin ng Programa na mabawasan ang kanilang nararamdamang takot at pagiging walang silbi sa pamamagitan ng pagbibigay kaalaman, suporta sa kanilang nararamdaman at pag-agapay sa kanila kung meron silang pinagdadaanang paglilitis, o sa biglaang pagbabago sa kanilang buhay. Puwede kang lumapit sa iyong social worker para sa serbisyo.

Serbisyong Nagbibigay ng Pansamantalang Akomodasyon (Temporary Accommodation Services)

Bahay-Taguan para sa mga Kababaihan (Refuge Centres for Women)

Mayroong lima na bahay-taguan sa Hong Kong para sa mga kababaihan, ito ay Wai On Home for Women, Harmony House, Serene Court, Sunrise Court at Dawn Court, na nagbibigay ng pansamantalang tuluyan at serbisyong suporta sa mga kababaihan at mga bata na nasa panganib ng karahasan sa tahanan o may kinakaharap na krisis. Para sa mga kababaihang nangangailangan ng serbisyo, tinatanggap sila sa loob ng maghapo't magdamag, alinman nang sa pamamagitan ng pagtuturo kung saan pupunta o referral mula sa mga social workers, sa pulisya o sa mga ospital o sa direktang aplikasyon. Pinananatiling kumpidensiyal ang mga adres o lugar ng refuge centre o bahay-taguan.



Sentro para sa Maraming Layunin ng Pakikialam sa Krisis at Suporta (Multi-purpose Crisis Intervention and Support Centre) (CEASE Crisis Centre)

Ang CEASE Sentro para sa mga Krisis na pinamamahalaan ng Tung Wah Group of Hospitals, ay isang klase ng serbisyo na sumusuporta at namamagitan sa mga krisis na ang layunin ay makapagbigay ng malawakang tulong sa mga taong biktima ng karahasang sekswal at mga indibiduwal o mga pamilya na may kinakaharap na krisis o panganib sa loob ng tahanan. Napapaloob sa serbisyong ito ang 24 oras hotline, pamamagitan sa krisis, agarang pakikinig sa mga problema ng mga biktima ng karahasang sekswal at pang-aabuso sa mga nakatatanda, nagbibigay ng referrals para sa iba pang serbisyong kinakailangan at nagbibigay ng pansamantalang akomodasyon para sa mga biktima na hindi pa nararapat umuwi sa kanilang tahanan o sa mga indibiduwal o pamilya na mayroon pang pinagdadaanang krisis.

Sentro para sa Pagsuporta ng Krisis Pampamilya (Family Crisis Support Centre - FCSC)

Ang Family Crisis Support Centre na pinamamahalaan ng Caritas-Hong Kong ay layuning talakayin ang mga krisis sa pamilya hangga't maaga pa sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinagsama at madaling makuhang serbisyo upang matulungan ang mga indibiduwal o mga pamilya na nasa krisis o nagdadalamhati. Ang serbisyo ay naglalaman ng 24 oras hotline, panandaliang pamamagitan sa panahon ng kagipitan na may magdamagang akomodasyon, pansamantalang pamamahinga at iba pang serbisyong tulong. Ang FCSC ay tumatanggap ng direktang aplikasyon o referral ng isang ahensiyang nangangalaga sa kapakanan ng lipunan o mga samahan sa komunidad.

Serbisyong Hotline (Hotline Service)

Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay maaring gumawa ng mga pagtatanong sa pamamagitan ng pagtawag sa SWD's hotline (2343 2255) na nagbibigay serbisyo sa mga kapakanang panlipunan at tumanggap ng napapanahong pagpapayo at iba pang kaugnay na serbisyong suporta. Ang SWD Hotlines ay matatawagan 24 oras. Ang mga tawag na matatanggap sa mga tinukoy na oras ay pangangasiwaan ng mga SWD Hotline social workers samantalang ang mga tawag na wala sa tinukoy na oras ay ililipat at pangangasiwaan ng mga social workers ng Hotline and Outreaching Service Team na pinatatakbo ng Tung Wah Group of Hospitals.

